# IMAGO DEI

## Imahe ng Diyos

**WEEK 1**

### WARM-UP

- Kung maaari kang magkaroon ng kahit na anong uri ng trabaho sa mundo, ano ang pipiliin mo? Bakit?
- Ikuwento ang isang bagay na alam ng mga kaibigan at kapamilya mo tungkol sa iyo.
- Sino ang pinakamahalagang tao sa buhay mo? Bakit?

### WORD

*[26]Pagkatapos, sinabi ng Diyos, "Likhain natin ang tao ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa lahat ng uri ng hayop: mga lumalangoy, lumilipad, lumalakad at gumagapang." [27]Kaya nilikha ng Diyos ang tao, lalaki at babae ayon sa wangis niya. [28]Binasbasan niya sila at sinabi, "Magpakarami kayo para mangalat ang mga lahi ninyo at mamahala sa buong mundo. At pamahalaan ninyo ang lahat ng hayop."* **GENESIS 1:26–28**

Ang Diyos ang lumikha ng lahat ng bagay. Siya rin ang nagtakda ng kalalagyan ng lahat ng mga ito—ang araw, buwan, mga bituin, mga halaman, at lahat ng mga nilalang na nabubuhay sa lupa, dagat, at himpapawid. Bilang Tagapaglikha, ang Diyos ang may karapatan na magbigay ng kahulugan at magtakda ng layunin ng lahat ng bagay. Ito ay totoo para sa mga tao dahil tayo ay nilikha sa natatanging paraan—*imago Dei*, na nangangahulugang "sa imahe o wangis ng Diyos." Ngayon, titignan natin ang tatlong katotohanan na makatutulong sa atin upang maintindihan kung ano ang ibig sabihin ng pagkakalikha sa imahe o wangis ng Diyos.

## 1 Ipinapakita natin ang karangalan ng Diyos.

*Pagkatapos, sinabi ng Diyos, "Likhain natin ang tao ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa lahat ng uri ng hayop: mga lumalangoy, lumilipad, lumalakad at gumagapang."* **GENESIS 1:26**

Dahil sa tayo ay nilikha sa imahe o wangis ng Diyos, makikita Siya sa atin at naipapakita natin ang Kanyang karangalan. Hindi ito nangangahulugan na ang mga pisikal nating katawan ay magpapakita ng tunay na imahe ng Diyos. Subalit nangangahulugan ito na maipapakita natin ang Kanyang imahe sa pamamagitan ng kakayahan nating mag-isip, mangatwiran, lumikha, at mamahala sa mga bagay na nilikha, na ibinigay Niya sa atin upang pangalagaan. Itinakda Niya tayo bilang Kanyang *obra maestra.* Hiningahan Niya tayo ng *hiningang nagbibigay-buhay.* Paano natin dapat ituring ang ating kapwa ngayong alam natin na ipinapakita natin bilang mga tao ang karangalan ng Diyos?

## 2 Tayo ay itinakdang mamuhay sa isang komunidad.

*Pagkatapos, sinabi ng Diyos, "Likhain natin ang tao ayon sa ating wangis. . . ."* **GENESIS 1:26**

Sa simula pa lamang, nakilala na natin na ang Diyos ay nakikipag-ugnayan—ang Ama, Anak, at Espiritu ay may lubos na pagkakaisa habang nililikha nila ang mundo. Tayo na nilikha sa Kanyang imahe ay dapat na mamuhay nang may pagkakaisa sa isang komunidad. Sama-sama nating ipinapaaninag o ipinapakita ang Kanyang wangis at hindi bilang isang indibidwal lamang (Mga Taga-Roma 12:5). Habang nabubuhay tayo sa isang maayos na komunidad, mas magagawa nating tuparin ang layunin at mga utos ng Diyos nang magkakasama. Anong komunidad ang kinabibilangan mo? Paano ka natutulungan ng komunidad na ito na tuparin ang layunin ng Diyos sa buhay mo?

## 3 Tayo ay lubos na pinagpapahalagahan.

*“Ang sinumang pumatay sa kanyang kapwa ay papatayin din ng kanyang kapwa. Sapagkat ang tao ay ginawa ng Diyos na kawangis niya.”* **GENESIS 9:6**

Dahil tayo ay nilalang sa imahe o wangis ng Diyos, tayo ay may halaga. At ang ating halaga ay hindi naaayon sa anomang nagawa, yaman, o kakayahan natin. Ang halaga natin bilang tagapagdala ng imahe ng Diyos ay hindi maaaring kitain o nakawin. Hindi Niya nais na mapahamak tayo sa anumang paraan dahil labis ang pagmamahal Niya sa atin. Sa katunayan, kahit pa sadya tayong sumuway at nagrebelde laban sa Kanya sa pamamagitan ng paggawa ng kasalanan, ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Jesus upang mamatay para sa ating kasalanan at tubusin tayo. Ang lahat ng ito ay ginawa Niya dahil sa dakila Niyang pagmamahal sa atin (Mga Taga-Roma 5:8). Ano ang sinasabi sa Mga Salmo 139:13–17 tungkol sa kung paano tayo pinahahalagahan ng Diyos?

## APPLICATION

- Ipinapakita natin ang karangalan ng Diyos. Paano nabago ng kaalamang ito ang pananaw mo sa iyong sarili? Paano nito mababago ang paraan mo ng pamumuhay?
- Sino ang mga taong inilagay ng Diyos sa buhay mo na tumutulong sa iyo na maipagpatuloy ang Kanyang layunin? Paano mo tinutulungan ang iba na tuparin ang layunin ng Diyos?
- Mag-isip ng isang kaibigan o kapamilya na kailangang maka-alam sa halaga niya sa Diyos. Paano mo siya mahihikayat na kilalanin ang Diyos at maranasan ang pagmamahal Niya ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa paglikha sa iyo sa Kanyang imahe o wangis. Pasalamatan Siya sa layunin na itinakda Niya sa buhay mo.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga tao na gusto Niyang maging bahagi ng buhay mo. Ipanalangin na bigyan ka Niya ng kakayahan na lumago sa ugnayan mo sa Kanya at sa iba pa.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng lakas ng loob upang matulungan ang iba na makita ang tunay na halaga nila sa Kanya.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph